Ang Katangian ng Isang Kristiyano: Ang mga Pinagpala

WARM-UP

- Balikan ang pinakamahirap na paksa na inaral mo sa paaralan. Ano ang ginawa mo para maintindihan ito?
- Ikuwento ang pinaka hindi mo malilimutang sinabi sa iyo ng isa sa mga magulang o guro mo. Bakit naaalala mo pa rin ito hanggang ngayon?
- Ano ang nagpapasaya sa iyo? Bakit ka nito napapasaya?

WORD

[1]Nang makita ni Jesus ang napakaraming tao, umakyat siya sa bundok at naupo roon. Lumapit sa kanya ang mga tagasunod niya, [2]at nagsimula siyang mangaral. Sinabi niya, . . . [12]"Ganoon din ang ginawa nila sa mga propeta noong una. Kaya magalak kayo dahil malaki ang gantimpala ninyo sa langit." **MATEO 5:1,2,12**

(Basahin din ang **MATEO 5:3-11.**)

Ang Mateo 5 hanggang 7 ay kilala bilang Ang Pangaral sa Bundok. Sa mga kabanatang ito, itinuro ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod ang isang bagong paraan ng pamumuhay, ayon sa bagong kabanalan na makikita lamang kay Cristo. Sa unang bahagi ng pangaral sinabi ni Jesus ang mga katangian na dapat makita sa Kanyang mga tagasunod. Ibinigay Niya ang kaibahan ng biyaya na ibinibigay ng Diyos, na tinanggihan ng mundo, at ipinangako Niya ang isang gantimpala sa mga tapat na sumusunod sa Kanya mula sa kanilang mga puso. Sa araling ito, titignan natin ang mga pinagpala at ibibigay ang kabuuran ng mga katangian na dapat taglay ng bawat isang tagasunod ni Cristo.

1 Pagpapakumbaba

3"Mapalad ang mga taong inaaming nagkulang sila sa Diyos, dahil makakasama sila sa kaharian ng Diyos. 4Mapalad ang mga naghihinagpis, dahil aaliwin sila ng Diyos. 5Mapalad ang mga mapagpakumbaba, dahil mamanahin nila ang mundo."

MATEO 5:3-5

Ayon kay Jesus, ang mga umaamin na nagkulang sila sa Diyos, naghihinagpis, at nagpapakumbaba ay makakapasok sa *kaharian ng Diyos, aaliwin ng Diyos,* at *magmamana ng mundo.* Ang pagpapakumbaba ay pagkilala sa kung sino tayo bago natin nakilala ang Diyos, pananalig na gagabayan Niya ang mga buhay natin, at pananabik na makitang masunod ang Kanyang kagustuhan. Ayon sa Santiago 4:6, ano ang ibinibigay ng Diyos sa mga mapagpakumbaba? Ano ang ginagawa niya sa mga mapagmataas?

2 Kalinisan

6"Mapalad ang mga taong ang hangad ay matupad ang kalooban ng Diyos, dahil tutulungan sila ng Diyos na matupad iyon. 7Mapalad ang mga maawain, dahil kaaawaan din sila ng Diyos, 8Mapalad ang mga taong may malinis na puso, dahil makikita nila ang Diyos."

Sinabi ni Jesus na ang mga naghahangad na matupad ang Kanyang kalooban, *maawain*, at may *malinis na puso* ay makakatanggap ng mga dakilang gantimpala. *Tutulungan sila ng Diyos, kaaawaan* Niya sila, at makikita nila Siya. Bakit kailangang maging ganap ang kalinisan? Bakit natin kailangang maging malinis sa ating mga puso, salita, at gawa?

3 Kapayapaan

[9]"Mapalad ang mga taong nagtataguyod ng kapayapaan, dahil tatawagin silang mga anak ng Diyos. [10]Mapalad ang mga dumaranas ng pag-uusig dahil sa pagsunod nila sa kalooban ng Diyos, sapagkat makakasama sila sa kaharian ng Diyos. [11]"Mapalad kayo kung dahil sa pagsunod ninyo sa akin ay iniinsulto kayo, inuusig at pinaparatangan ng masama."

MATEO 5:9-11

Pinuri ni Jesus ang mga *nagtataguyod ng kapayapaan,* at maging ang mga inuusig, *iniinsulto*, at *pinaparatangan ng masama* dahil sa sila ay tagasunod Niya. Ang mga Kristiyano ay dapat na nagtataguyod at nagmamahal sa kapayapaan kahit nakakaranas sila ng paghihirap dahil sa kanilang pananampalataya. Ang gantimpala nito ay ang matawag na mga anak ng Diyos, makapasok sa Kanyang Kaharian, at makatanggap ng dakilang pagpapala sa langit. Naranasan mo na ba ang mausig dahil sa pananampalataya mo? Natutunan mo na bang tumugon nang may kapayapaan at pagmamahal?

APPLICATION

- Kung ikaw ay tagasunod ni Cristo, paano ka tinawag na mamuhay sa ibang paraan? Kung hindi pa, handa ka bang isuko ang buhay mo sa Kanya, maniwala sa Kanya para sa kaligtasan mo, at mamuhay ayon sa Kanyang pamamaraan ngayon?
- Alin sa tatlong katangian ang kailangan mong paunlarin sa buhay mo? Ano ang isang bagay na sisimulan mong gawin sa ibang paraan? Pumili ng isa sa mga “mapalad” at pagbulay-bulayan ito ngayong linggo. Hingin sa Diyos na maging buhay ang Kanyang Salita sa buhay mo.

- Ano ang gagawin mo kung ikaw ay inuusig dahil tagasunod ka ni Jesus? Paano ka tutugon sa mga tanong tungkol sa pananampalataya mo? Paano ka makakapaghanda para dito simula ngayon?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kaibahan ng Kanyang pamamaraan sa pamamaraan ng mundo. Ipanalangin na makita sa buhay mo ang Kanyang kabanalan at ang Kanyang Kaharian.
- Ipanalangin na ikaw ay pagpalain at na mahanap mo ang kabuuan at kasiguraduhan mo kay Cristo. Ipanalangin na susundin mo si Cristo anuman ang maging kabayaran nito.
- Hingin sa Diyos na gamitin ang buhay mo bilang larawan Niya sa iba. Manalangin para sa mga kapamilya at kaibigan mo na hindi pa nakakakilala kay Cristo, maging ang mga nang-uusig, nang-iinsulto, at nagbibigay ng mga maling paratang sa iyo. Paniwalaan ang Diyos para sa kanilang kaligtasan.

NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph